SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by:
Date: 6/20/23 Time: 4:21 PM

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-89

**"PAGPAPAHAYAG NG PAGSUPORTA SA HOUSE BILL 7334 AT PAGBABA NG OPSYONAL NA EDAD NG PAGRERETIRO PARA SA MGA KAWANI NG PAMAHALAAN."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Juliet DJ. Dela Cruz**

*Tagapangulo*
**Lupon sa** Alituntunin, Pribelehiyo, Serbisyo Sibil at Mabuting Pamamahala

---

**SAPAGKA'T,** ang National President, Igg. Handy Lao; National Chairman, Igg. Raul Corro; at National Secretary General, Igg. Gina Perez ng Philippine Councilor League, ay nagsumite ng PCL Memorandum S. 2023-001, para sa angkop na aksyon nito;

**SAPAGKA'T,** ang layunin ng nasabing Memorandum ay humanap ng suporta mula sa mga lokal na Sangguniang kaugnay ng kahilingan sa Kongreso ng Pilipinas na suriin at isaalang-alang ang mga pagbabago sa Batas Republika Blg. 8291;

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng Seksyon 13-A ng parehong Batas, ang isang miyembro na magreretiro mula sa serbisyo ay karapat-dapat sa mga benepisyo sa pagreretiro na nakasaad sa talata (a) ng Seksyon 13 nito: sa kondisyon na, (1) siya ay naglingkod ng hindi bababa sa labing-limang (15) taon at (2) siya ay hindi bababa sa animnapung (60) taong gulang sa oras ng pagreretiro;

**SAPAGKAT,** ang pangunahing layunin ng PCL ay ang pagtataguyod ng pag-amyenda sa batas kung saan ang mga lokal na halal na opisyal na umabot sa maksimum na terminong siyam (9) na taon ay maaaring bigyan ng opsyon na magpatuloy ng kanilang ambag sa GSIS bilang boluntaryo, upang magampanan nila ang kinakailangang labing-limang (15) taon na minimum na kailangan para magkaroon ng mga benepisyo sa pagreretiro;

**SAPAGKAT,** nakasuporta ang local na Pamahalaan ng Bustos sa pagpapahalagang mga naglingkod sa Bayan sa pamamagitan ng magalang na paghiling sa mababang kapulungan ng kongreso na muling bisitahin ang mga probisyon ukol sa proseso ng GSIS para sa mga kwalipikadong halal na kawani ng pamahalaan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. JULIET DJ. DELA CRUZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na magpahayag ng pagsuporta sa House Bill 7334 at pagbaba ng opsyonal na edad ng pagreretiro para sa mga kawani ng pamahalaan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-26 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-26 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim